

Pagsasalin ng Kuwento ni Paramata Gandingan Mula Wikang Mëranaw Tungo sa Wikang Filipino: Konsiderasyon at Aplikasyon ng mga Dulog at Teknik sa Pagsasaling Kultural

Alia D. Ramber
Chem R. Pantorilla

Department of Filipino and Other Languages
College of Arts and Social Sciences
MSU-Iligan Institute of Technology

Abstract

Literal is the usual focus in translating a text. There was a deviation when the "cultural turn" movement in translation sprung up because the cultural approach to language translation was more valued here. The main focus of this movement was to instill the culture contained in the text, so this became the basis for the translation of Paramata Gandingan, which is part of the Darangen epic, from the Mëranaw language to the Filipino language. This study asserts that the translation is a sculpture because the culture and identity of the Mëranaw tribe were molded in the translation process. Six (6) methods or techniques are mainly used to translate the Mëranaw text Paramata Gandingan. These are Adaptation and the Cultural equivalent, Modulation, Amplification, Naturalization, and mixing more than one technique called Cuplets. The translation reflects the Mëranaw culture by retaining cultural words such as *tonong*, *torogan*, *ayonan*, and *datu*. If not retained, it is equated according to contextualization in Mëranaw society. Traditions and classic nomenclature are valued in the translation process using various techniques to present the identity unique to the Mëranaw tribe.

Keywords: *Cultural Translation, Cultural Turn, Identity, Paramata Gandingan, Darangen*

Suggested Citation:

Ramber, A. and C. Pantorilla (2022). Pagsasalin ng Kuwento ni Paramata Gandingan Mula Wikang Mëranaw Tungo sa Wikang Filipino: Konsiderasyon at Aplikasyon ng mga Dulog at Teknik sa Pagsasaling Kultural. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, 11, 27-44.

Pagsasalin ng Kuwento ni Paramata Gandingan Mula Wikang Mëranaw Tungo sa Wikang Filipino: Konsiderasyon at Aplikasyon ng mga Dulog at Teknik sa Pagsasaling Kultural

Alia D. Ramber
Chem R. Pantorilla

Department of Filipino and Other Languages
College of Arts and Social Sciences
MSU-Iligan Institute of Technology

Abstrak

Diwa sa diwa ang karaniwang tuon ng mga tagapagsalin sa pagsasalin ng isang teksto. Nagkaroon ito ng paglihis nang sumibol ang kilusang “cultural turn” sa pagsasalin dahil higit na pinahalagahan dito ang lapit-kultural sa pagsasaling-wika. Pangunahing panlantaw sa kilusang ito na maikintal ang kulturang nakapaloob sa teksto kaya ito ang naging sandigan sa ginawang pagsasalin ng *Paramata Gandingan*, bahagi ng epikong Darangen, mula wikang Meranaw tungo sa wikang Filipino. Sa paggamit ng lapit na ito sa ginawang pagsasalin, igiinit nito ang paglilok sa pamamagitan ng proseso ng pagsasalin ang kultura at kaakohan ng tribong Mëranaw. Sa kabuuan, anim (6) na paraan o teknik ang mahalaga sa pagsasalin ng kultural na materyal gaya ng Paramata Gandingan ito ang: *Adapsyon at/o ang Kultural na katumbas, Modulasyon, Amplipikasyon, Naturalisasyon*, at ang paghahalo ng higit sa isang teknik na tinatawag na *Kuplets*. Ipinakita ang kulturang Mëranaw sa pagsasalin sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga kultural na salita tulad ng *tonong, torogan, ayonan, datu*. Kung hindi man pinanatili ay tinumbasang ito ayon sa pagsasakonteksto sa lipunang Mëranaw. Pinahalagahan ang mga tradisyon at klasikong katawagan sa proseso ng pagsasalin gamit ang iba-ibang teknik upang maitanghal ang kaakohang natatangi sa tribong Mëranaw.

Mga Susing Salita: *Pagsasaling Kultural, Cultural Turn, Identidad, Paramata Gandingan, Darangen*

Suggested Citation:

Ramber, A. and C. Pantorilla (2022). Pagsasalin ng Kuwento ni Paramata Gandingan Mula Wikang Mëranaw Tungo sa Wikang Filipino: Konsiderasyon at Aplikasyon ng mga Dulog at Teknik sa Pagsasaling Kultural. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, 11, 27-44.

Introduksiyon

Malaking papel ang ginagampanan ng pagsasalin sa buhay ng tao. Nagsisilbi itong tulay na nagdudugtong sa magkakawatak-watak na lipunan at bansa. Gayunpaman naniniwala si Zafra (2009) na higit pa sa pagiging tulay ang silbi ng pagsasalin sapagkat pangunahin itong instrumento sa pagpapabilis ng daloy ng mga kaalaman, ideya, dalumat, impormasyon at produksiyong intelektuwal mula sa iba't ibang wika at lipunan. Samakatuwid, nagsisilbi itong tagabuklod sa multikultural na bansa katulad ng Pilipinas.

Makapangyarihan din ang pagsasalin sapagkat may kakayahan ito na palutangin ang pagkakakilanlan ng bawat pangkat etniko. Halimbawa sa tribung Mëranaw, ang pagsasagawa ng pagsasalin sa kanilang sining at malikhaing gawa ay nakatutulong na maipakilala ang kanilang pangkat sa iba ding pangkat ng bansang Pilipinas. Ang wikang ginagamit sa pagsasalin (ang komon na wika ng lahat) samakatuwid ay nagsisilbing tulay at tagapag-ugnay sa iba't ibang pangkat o grupo sa isang lipunan. Inihalintulad sa puntong ito ang pagsasalin bilang paglililok sapagkat sa pagsasagawa nito ay nahuhulma ang kultural na kaakohan at pagkakakilanlan ng nagmamay-ari ng teksto. Ang paglililok ay tumutukoy sa isang gawain ng pagpoporma at paghuhulma ng isang bagay at/o kaisipan. Ngunit sa pagsasalin, tumutukoy ito sa sining ng paglilipat ng tekstuwal at kontekstuwal na mensahe ng akda sa isa pang wika upang mabuo at mahulma ang pagkakakilanlan ng nagmamay-ari ng isinasaling akda. Nang dahil sa pagsasalin, naitatanghal ang pagkakakilanlan ng isang pangkat-etniko. Sa ganang ito masasabi, na isang esensyal na elemento ang kulturang nakapaloob sa pinagmumulang teksto kaya marapat lamang na kasama ito sa dapat naililipat o naisasalin.

Ang pagsasalin sa pinakasimpleng pagpapakahulugan ay proseso ng paglilipat ng teksto tungo sa isa pang teksto gamit ang bagong wika (Durdureanu, 2011) sa paraang masining (Santiago, 1979) at maagham (Larson, 1984) na ayon sa layunin o ninanais ng may-akda (Newmark, 1988). Paglilipat ito ng mga nakasulat na impromasyon, ideya, at kaisipan mula sa pinagmulang wika tungo sa target na wika (Simon (1996). Ito ay paglilipat ng buong akda papunta sa isa pang wika na parehong alam ng tagasalin. Sa madaling sabi, ang pagsasaling-wika ay proseso ng paglilipat ng mga impormasyon, ideya, at kaisipan gamit ang ibang wika. Bilang isang proseso, hindi lamang ito nakatuon sa pagsasalin ng dalawang wikang kasangkot sa aspektong lingguwistikal bagkus pagsasakonteksto din ito ayon sa kultura ng pinagsasalinan.

Madalas iniugnay ang pagsasalin bilang payak lamang na paglilipat ng isang akda gamit ang bagong wika. Ang totoo, masalimuot at mahirap na gawain ito. Sa paliwanag nina Nuncio (2015), masalimuot ang gawaing ito sapagkat napakaraming bagay o mga salik ang mga hadlang sa pagsasalin; gaya ng kultura, kaugalian, kaayusang panlipunan, at marami pang iba. Mahirap ang pagsasalin sapagkat nakatali ito sa orihinal. Dito ang nagsasalin ay hindi malayang magpasok ng kanyang sariling kaisipan sapagkat kailangang isaalang-alang ang orihinalidad. Hangga't maaari ay napapanatili ang natural na anyo ng teksto sa proseso ng paghuhulog sa ibang wika o pagsasalin. Hindi nawawala sa ginagawang pagsasalin ang diwa at kahulugan sa orihinal na teksto.

Sa kaisipan ni Atienza (2004), madalas nakatuon ang pansin ng pagsasalin sa proseso ng pagsasagawa nito. Nakatuon ang pagsusuri sa kaangkupan ng mga salita na marapat gamitin lalo na sa metodo at pamamaraan ng paglilipat-diwa. Sa madaling salita, ang pagtalunton sa kahulugan ng mga ternimo ay higit na binibigyang tuon sa pagsasaling-wika (Larson (1984). Nakatuon samakatuwid ang nakasanayang dalumat sa araling pagsasalin sa halaga ng paglilipat ng teksto ayon sa kahulugan. Ang proseso ng pagsasalin naman ay nangangailangan ng maingat na paglilipat sapagkat naniniwala si Gregory Rabassa (banggit ni Barbaza, 2009) na kapag hindi naging maingat sa paglilipat ay maaring kapahamakan ang maidudulot nito sa kabuuan ng pagsasalin. Samakawid, ang pagsasalin ay hindi lamang dumadaan sa proseso at hakbang sa paglilipat-diwa. Maraming mga konsiderasyon ang isalang-alang gaya na lamang sa paraan ng paglilipat sa iba't ibang kultural na konteksto: usaping gender, identidad/kaakohan, bansa/bayan, estadong panlipunan at iba pa. Hindi lamang multi- bagkus interdisiplinaryo ang hagod na kailangan sa pagsasagawa ng pagsasalin. Kung gayun, paano nga ba dapat magsalin ang isang tagasalin? Mahalaga ang pagsagot sa tanong na ito lalo na kung layunin ng pagsasalin ang paglilipat ng impormasyon sa mga tekstong may kaugnayan sa kultural na kamalayan ng isang partikular na pangkat etniko.

Higit na pinausbong ng konseptong *cultural turn* nina Lefevere at Bassnet (1990) ang pagsasaling kultural. Ang *cultural turn* ay isang proseso ng pagsasalin na ginagamit ang kultural sa halip na lingguwistikal na pagdulog lamang. Ibig sabihin, pinahahalagahan din sa pagsasalin ang kultural na salik maliban pa sa gramatikal at estruktural na aspekto ng isinasaling teksto. Binibigyang linaw sa *cultural turn* ng araling pagsasalin ang ugnay nito sa ibang aspekto ng komunikasyon. Tinutukoy ang pagsasalin bilang isang proseso na namamagitan sa pagdaloy ng mga ideolohiya at identidad. Paliwanag ni Newmark (1988), magiging sagabal sa pag-unawa ng mga mambabasa ang pagpapanatili sa ilang termino na hindi abot ng kanilang kamalayan, gayunpaman, iginigit ng teoryang *cultural turn* ang pagpapanatili sa mga terminong kultural dahil ito lamang ang tanging paraan upang mapalutang ang dala-dalang kultura ng orihinal na teksto. Kaya naman ang pinakakonsepto ng teoryang *cultural turn* ay ang pagpapanatili sa pinakadiwa o mensahe ng orihinal na teksto. Binibigyang puwang dito ang kultura sa isinasaling teksto.

Kinakailangang isalang-alang ang aspektong kultural sa pagsasalin higit lalo kapag mula sa isang pangkat etniko ang tekstong isasalin. Paliwanag ni Lumbea (1995) hindi lamang nakatuon ang pagsasalin sa proseso ng paglilipat-diwa dahil instrumento rin ito sa pagkakawil ng kultura sa pinaglilipatang wika mula sa orihinal na wika. Gayunpaman, inamin ni Lumbea (1995) na sa pagkakawil ng kultura sa pagsasalin, hindi maiiwasan ng tagasalin ang maging taksil sa orihinal na teksto. Hindi dapat maging hadlang ito sapagkat isa ito sa mga katangian ng pagsasaling kultural. Ganito rin ang punto ni Barbaza (2009) nang sinabi niyang ang pagsasalin ay pag-aangkin. Pag-aangkin sapagkat inaangkin ito ng mga taong kasangkot sa pagsasalinan. Gayunpaman, hindi ito usapin ng pag-aangkin ng tagasalin lamang kundi maging ng kultura ng pagsasalinan. Dagdag pa niya, “anuman ang magiging hugis ng salin ng akda, ito ay magiging batay sa pangangailangan ng tatanggap na grupong kultural.”

Batay sa mga nailahad na ideya hinggil sa iba't ibang pagdalumat sa pagsasalin,

malaking hamon ngayon sa tagasalin ang pagbibigay konsiderasyon sa layunin ng pagsasalin. Alin ba ang dapat pairalin, ang maging tapat sa *Simulaang Lenggwahe* o sa *Tunguhing Lenggwage*? Sa pagpapalutang ng kaakohan o kultura, papaano nga ba dapat isasalin ang isang akda upang mapalitaw ang diskursong kultural? Ano ang higit na isasaalang-alang ng tagasalin upang maging makabuluhan ang pagsasalin at matamo ang kanyang layunin? Sa kaso halimbawa ng mga Mëranaw na may komplikadong identidad, paano kaya maipapakita sa proseso ng pagsasalin ang kaakohang Mëranaw?

Layunin ng Pag-aaral

Lumulugar ang kasalukuyang papel sa pagdalumat sa paraan at proseso ng pagsasalang pampanitikan partikular na ang pagsasalin sa kwento ng tauhang si *Paramata Gandingan* na bahagi ng epikong Darangen. Nagsagawa ng pagsasalang pampanitikan sa konteksto ng pagbasa ng teksto sa kulturang Mëranaw. Gayundin, konsiderasyon sa proseso ng pagsasalin ang paggamit ng lente ng pagsusuring pampanitikan upang maiposisyon ang kulturang Mëranaw sa pambansang panitikan ng Pilipinas. Hinangad sa pag-aaral na mapag-ugnay ang pagsasalang pampanitikan at panunuring pampanitikan para magpapaliwanag sa kultural na konteksto ng lipunang sa proseso ng pagsasalin. Maisasagawa ang mga nosyong inilahad sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na: Paano pinahalagahan sa pagsasalin ng kwento ni *Paramata Gandingan* ang kultura ng mga Mëranaw?

Sinandigan sa pag-aaral na ito ang argumento na isang pagbabahagi ang pagsasalin. Nakapaloob ito sa layunin ng pananaliksik na maisalin ang episode ng Darangen na *Paramata Gandingan* mula wikang Mëranaw tungo sa wikang Filipino. Inihulog ang paniniwalang ito sa kabuuang konteksto ng *Araling Kultural*. Sa konteksto ng araling pagsasalin, ang kaisipang ito ng araling kultural ay naghuhudyat ng konsiderasyon sa mga kultural na aspekto sa loob ng orihinal na teksto at pagdadala nito sa target na wikang paghuhulugan. Ang mga kultural na aspektong binibigyan ng konsiderasyon sa pag-aaral na ito ay ang diskurso tungkol sa identidad at/o kaakohan sa pagsasalin ng *Paramata Gandingan* sa wikang Filipino.

Metodolohiya

Pinili ng mananaliksik ang kwento ni *Paramata Gandingan* na bahagi ng epikong Darangen bilang pangunahing pinagkunan ng datos. Ito ay batay sa hawak na dokumento ng mananaliksik. Ang dokumentong ito ay orihinal na manuskritong hindi pa nalilimbag at hindi pa nagagamit sa anumang gawaing pananaliksik. Pinili ito ng mananaliksik na pag-aralan upang higit pang makilala ang panitikang Mëranaw at magkaroon ng pagkakataong mailagay ito sa sentro para sa pagbuo ng pambansang panitikan.

Ang nasabing manuskrito ay nakasulat sa *kirim*. Ang *kirim* ay tumutukoy sa nakasulat na teksto ng mga Mëranaw gamit ang alpabetong Arabik kaya yaong may kaalaman o nakapagaral lamang sa *madaris* (Arabic school) ang nakababasa nito. Gayundin ang *Basah a Mëranaw* na matatandang Mëranaw lamang ang nakaiintindi nito sapagkat hindi na ito gaanong ginagamit sa kasalukuyang pakikipagtalastasan. Bagaman puro at lehitimong Mëranaw ang mananaliksik, hindi sapat ang kakayahang maisalin ang hawak na kopya kaya

minabuting kumuha ng isang lehitimong Mëranaw na may kakayahan na maisalin ang teksto mula sa *kirim* tungo sa wikang Mëranaw. Dumaan muna ito sa balidasyon pagkatapos maipasalin ang naturang teksto bago tuluyang isalin ng mananaliksik sa wikang Filipino. Sa paraan at proseso ng pagsasalin ng tagasalin naganap ang layuning pagsasaling kultural. Ang nabuong saling teksto ay dumaan din sa balidasyon. Naglaan ng kraytiry sa pagpili ng mga balideytor. Ilan sa katangian ng balideytor ay kinakailangan isa siyang lehitimong Mëranaw na may mataas na kaalaman sa wikang Filipino. Ang edad ay nasa 40 pataas. Sa pangkalahatan, ginamit ang kuwalitatibong disensyo ng pag-aaral. Samantalang palarawan o deskriptibo at pagsusuring pangnilalaman sa pag-aanalisa ng datos naman ang analisis na ginamit.

Resulta at Diskusyon

Ginamit ang lente ng pagsasaling kultural sa ginawang pagsasalin upang maibahagi ang kultura at kaisipang Mëranaw na masasalam sa kwento ni *Paramata Gandingan* na bahagi ng epikong Darangen. Pagpapanatili sa mga salitang itinuturing na kultural na imahe ang isa sa pinakapunto ng pagsasaling kultural. Ayon kay Lucero (2007) sa pagsasaling pagsasakultura, mahalaga ang pagpapanatili sa mga salitang may dala-dalang kultural na diwa sapagkat paraan ito upang higit na mapalutang ang kultural na konteksto dahil nasa mga salita o teksto mismo ang pagkakakilanlan ng isang tribo. Sa ginawang pagsasalin ng kwento ni *Paramata Gandingan*, pinagtuunan ng mananaliksik; bilang tagasalin, ang ilang terminong maituturing na kultural na representasyon sapagkat mahalaga itong salik upang maipalutang ang kulturang Mëranaw. May mga salitang kailangang mapanatili sapagkat may kultural itong kabuluhan o kaya naman ay isa itong kultural na representasyon na bahagi ng identidad ng mga Mëranaw.

Sa kabuuan, batay sa ginawang pagsasalin sa kwento ni *Paramata Gandingan*, anim (6) na paraan o teknik ang ginamit sa pagtutumbas ng ilang salitang maituturing na may kultural na representasyon. Ito ay ang Adapsyon at/o ang Kultural na katumbas, Modulasyon, Amplipikasyon, Naturalisasyon, at ang paghahalo ng higit sa isang teknik na tinatawag na Kuplets. Gayunpaman, bagaman pinananatili ng mananaliksik ang ilang mga termino sa pagsasalin, siniguro pa rin ng mananaliksik na maisalin ito nang hindi nakaaapekto sa pag-unawa sa daloy ng mga pangungusap. Inilahad sa ibaba ang mga proseso at dulog/teknik na ginamit sa pagsasalin.

Adapsyon at Kultural na Katumbas

Angkop ang paraang pagpapanatili sa orihinal na salita ng Simulaang Lenguwahe sa pagsasalin sapagkat nabibigyan nang higit na hustisya ang mensaheng ipinapahiwatig ng isinasaling teksto. Adapsyon ang tawag sa paraang ito o na kinikilala ring *Transference*. Ang iba pang katumbas nito ay *transcription* o *loan words* (salitang hiram). Ito ang paglilipat o panghihiram ng mga kultural na salita mula sa PW (pinagmulang wika) patungo sa TW (target na wika) nang walang pagbabago sa ispeling. Mahalaga ito lalo na sa mga salitang pekulyar o tangi sa kultura lamang ng PW makikita o ginagamit. Layunin ng pagsasalin maging maging tapat sa orihinal na teksto. Mahusay ang paraang ito upang mapanatili ang kultural na kahulugan ng mga salita. Kung ispeling ang pag-uusapan sa wikang Mëranaw,

naging hamon sa mananaliksik ang pagbabaybay sa mga salitang pekulyar sapagkat hindi lingid sa kaalaman ng nakararami na wala pa itong istandard na ortograpiya. Magkagayunpaman, ginamit ang tuntunin ng ortograpiyang Filipino upang maging konsistent ang mga salitang paulit-ulit na ginamit kaya sa panghihiram ng mga salita, siniguro muna ng mananaliksik na baybayin ang orihinal na wika sa paraang nararapat.

Halos walang pinagkaiba ang Adapsyon sa paraang Kultural na Katumbas sapagkat pagpapanatili rin ito sa mga salitang pekulyar sa orihinal na teksto. Kultural na Katumbas ang malapit o halos wastong salin (*approximate translation*), na ang isang kultural na salita sa TW ay isinasalin sa katimbang ding kultural na salita sa TW (Newmark, 1988). Iisa ang layunin ng mga paraang ito, ang pagpapanatili sa mga salitang may kultural na konteksto. Ganito ang ginawa sa pagtutumbas sa mga salita, tulad ng *tonong*, *lamin*, *ayonan*, *torogan*, *datu*, *riduay* at *bae a labi*. Tingnan sa ibabang sipi ang tinutukoy na adapsyon at/o kultural na katumbas ng salitang *tonong*.

Orihinal

“...*Baniyoto da manëg a song tano ko kalalamaan ka miyaporo a alongan ka pëngalian akën ka amay ka kowan na moran na bakano sandagi o mga tonong.*”

Salin

“Hindi ‘nyo ba naririnig na kailangan na nating pumunta sa bakuran na pagdadausan ng kasal? Katirikan na ng araw; at isa pa, ayokong abutin tayo ng ulan at baka biruin tayo ng mga *tonong*.”

Ang salitang *tonong* ay maituturing na pekulyar sa wikang Mëranaw. Tumutukoy ito sa hindi nakikitang mga nilalang na pinaniniwalaang naninirahan sa kagubatan, sa mga ilog, karagatan, at iba pa. Makapangyarihan ang mga nilalang na ito at kadalasan silang nakikipagkaibigan sa mga tao na naging mabubuti sa kanila at nagiging kaaway ng mga taong may masasamang loob. Isa sa mga paniniwala ng mga Mëranaw ang pagkakaroon ng *tonong* na kadalasan ay itinuturing na kaibigan. Hindi sila nakikita ng mga tao sa paligid ngunit namumuhay sila kasama ng mga tao. Mula sa panahon ng katutubo hanggang sa mga panahong ito, naniniwala pa rin ang ilang mga Mëranaw sa mga *tonong*. Sa pagsasalang ginawa, minabuti ng tagasalin na panatilihin ang salitang ito upang ipahiwatig na lehitimo ang salita sa bokabularyo ng wikang Mëranaw mula sa panahon ng katutubo, at hanggang sa mga panahon ito. Kung hindi ito pananatilihin sa pagsasalang ginawa sa wikang Filipino, ang esensya ng kulturang Mëranaw ay hindi maipalulutang sa pagsasalin. Maaari itong matutumbasan ng *engkanto*, *diwata*, *ispiritu*. Subalit, hindi taglay ng mga salitang ito ang pananaw-mundo ng mga Mëranaw na kabahagi ng kanilang mundo, ang mundo ng mga nilalang na hindi nakikita. Sa katunayan, ang *engkanto* at *ispiritu* sa wikang Filipino ay mayroon nang konotasyon na “iba” sila na nilalang kaysa mga tao. Ang *diwata*, sa kultura ng mga Visayan, ito ay Diyos at Diyosa (Scott 1994). Ipinapahiwatig lamang nito na higit sa kanila ang estado ng Diwata. Kung ito ang gagamiting panumbas sa ginawang pagsasalin, mag-iiba ang kahulugan dahil ang *tonong* para sa mga Mëranaw ay kapareho ng mga tao na makikita sa ibang mundo. Bagaman ito ay nagtataglay ng kapangyarihan, subalit hindi ito ang pinaniniwalaan nilang mga diyos at diyosa. Nirerepresenta ng salitang ito ang pagkakaroon ng mito ng mga Mëranaw na sa kanila lamang maiuugnay. Mahalaga itong mapanatili sapagkat ipinakita nito ang paniniwalang Mëranaw na bahagi ng kanilang kultura.

Sa mitolohiyang Pilipinas, may pagkakatulad ito sa ‘diwang engkanto’ ng ibang tribo subalit hindi ito maaaring tumbasan bilang ‘diwata’ o ‘engkato’ sapagkat nais igiit ng mananaliksik na dala-dala nito ang kultura ng mga Mëranaw partikular na ang kanilang paniniwala. Kung sakaling pilitin na tutumbasan ng salitang ‘engkanto’ ang salitang *tonong*, ganito ang magiging daloy ng pangungusap:

Ginamit na Salin

“Hindi ‘nyo ba narinig kailangan na nating pumunta sa bakuran na pagdadausan ng kasal? Katirikan na ng araw at isa pa, ayokong abutin tayo ng ulan at baka biruin tayo ng mga *tonong*.”

Alternatibong Salin

“Hindi ‘nyo ba narinig na kailangan na nating pumunta sa bakuran na pagdadausan ng kasal? Katirikan na ng araw at isa pa, ayokong abutin tayo ng ulan at baka biruin tayo ng mga **engkanto**.”

Mapapansin sa dalawang salin na halos magkapareho maliban sa paggamit ng *tonong* sa unang salin at ‘engkanto’ sa alternatibong salin. Bagaman halos walang pinagkaiba ang dalawang salin batay sa estrukturang ginamit, pansinin na nawala sa ginawang alternatibong salin ang kaisipang Mëranaw. Hindi mababakas ang paniniwalang Mëranaw kaya naman sa dalawang uri ng pagsasalin, mas pinili ang pagpapanatili ng salitang *tonong* upang igiit na bahagi rin ng kulturang Mëranaw ang pagkakaroon ng mga mito na bahagi ng kanilang paniniwala. Gayunpaman, bagaman pinanatili ang salitang *tonong*, sinikap ng mananaliksik na maging natural ang daloy ng pangungusap upang hindi ito makasira sa kabuuwang diwa ng pangungusap. Makikita sa kabuuang daloy ng pangungusap batay sa sipi, ang pagkanatural nito. Gayundin, gumawa ng *footnoting* ang mananaliksik na nagbibigay kahulugan sa *tonong*. Mahalaga itong paraan ng ginamit sa pagsasalang ginawa upang mabigyan ng reperensiya ang mga mambabasa sa kahulugan ng salitang *tonong*. Ganito rin ang ginawa sa iba pang kultural na mga salita sa pag-aaral.

Ang terminong *ayonan* at *torogan* ay isa rin sa mga salitang pinanatili o ginamitan ng teknik na adaptasyon. Batay sa naratibo ng kwento ni Paramata Gandingan, ang pinunong *ayonan* kasama ng mga *datu* ay laging nasa *torogan* sapagkat sila ang naatasan sa paggawa ng pagpapasya. Tunghayan ang ginawang pagsasalin sa siniping bahagi ng kwento ni Paramata Gandingan na nagpapakita ng imahe ng kasarian sa kulturang Mëranaw.

Orihinal

Aya miyatabo a matitimo siran sa torogan ka diran dii bitiyarae so ayonan ka langon siran dii mamagopakat sa mapiya a dii golaolaan sa kapkala a ingëd oto. Na miyaelayran si Bantogan. Omaniisa ko mga datu ago so ayonan na ba iran dën makakawa.

Salin

Sa pagkakataong yaon ay kasakuluyang nagaganap ang pagtitipon-tipon ng mga *datu* kasama ng *ayonan* sa *torogan*. Sila ay nag-uusap-usap hinggil sa mga mabubuting hakbang para sa ikauunlad ng kanilang bayan. Nang makita nilang dumating si Paramata Bantogan ay pinatuloy ito ng mga *datu* nang may pananabik.

Sinikap din mapanatili ang mga salitang *datu*, *ayonan*, at *torogan* bilang pagpapakilala sa kaakohan ng mga Mëranaw. Ang *ayonan* na siyang pinakapinuno ng lipunang Mëranaw ay laging namamalagi sa *torogan* kasama ng mga *datu*. Nagaganap ang karamihan sa napagpapasyahang tuntunin o mga gawain sa *torogan*. Ang mga salitang ito ay ginagamit lamang para sa mga lalaki, maliban sa salitang *torogan* na tumutukoy sa tahanan ng kilalang Mëranaw. Ang mga terminong pinanatili ay bahagi sa pagkakaroon ng natatanging kultura ng mga Mëranaw. At sabihin pa, hanggang sa mga panahon ito, patuloy na ginagamit at buhay na buhay ito sa makulay na kulturang Mëranaw.

Ang pagpapanatili sa orihinal na termino ay higit ding mahalaga sa pagsasalin sapagkat may mga salitang nakaugat pa sa kaugalian ng pangkat. Tulad ng salitang *riduay* na nakaugat sa kaugaliang Mëranaw kaya hindi ito basta-basta matumbasan ng kasingkahulugan sa Target na Wika. Tingnan ang sinipi mula sa kwento ni *Paramata Gandingan*:

Orihinal

Kagiya mada oto na aya siyowa o raga na di mamikiran o di niyanon pagmaa so poonan iyan. Na miyapikir iyambo na “di ko taroon so poonan akën ka amay ka riduay.”

Salin

Maya-maya ay naisip niyang huwag sabihin kung saang lugar siya nagmula sapagkat takot siyang baka kabilang ang kausap sa kanilang mga *riduay*.

Ang salitang *riduay* ay mula sa salitang ugat na *rido* na nangangahulugang **clan/family feud**. Ang *rido* ay labanan ng dalawa o higit pang pamilya na kadalasa’y tumatagal nang ilang daang taon (Ilupa, 2018). Nagkakaroon ng *rido* ang isang angkan dahil sa pagkakaroon ng *maratabat* ng mga Mëranaw. Ang *maratabat*, ay pinagsama-samang reputasyon, dangal, kahihiyang, **pride**, paniniwalang moral, panlipunang kaugalian, mga pinagkasunduang batas, at paninindigan sa sarili. Isa itong alintuntunin ng mga kilos kung paano dapat tratuhin ng isang indibidwal ang kanyang sarili, ang kanyang pamilya, at ang ibang tao (Sarip, 2013). Nakikilala bilang may natatanging kultura ang mga Mëranaw dahil dito. Dahil sa pagkakaroon ng kultural na konteksto ng salitang ito, pinanatili ito ng mananaliksik dahil nais nitong bigyang diin ang *rido* bilang kaugaliang Mëranaw na bahagi ng kanilang kultura.

May salitang ‘kalaban’ at/o ‘kaaway’ sa wikang Filipino subalit hindi nito ipinapakahulugan ang **family/clan feud** na tulad ng salitang *rido* kaya hindi ito ginamit bilang panumbas. Ang tindi ng danyos bunga ng pagkakaroon ng *rido* ng isang angkan ay hindi kasing bigat ng pagkakaroon ng ‘kalaban’. Kung gagamitin ang salitang ‘kalaban’ o ang ‘kaaway’ bilang panumbas, makikita sa sipi sa ibaba na hindi ganon kalaki ang impak ng konsepto ng kaaway at o kalaban, iisiping simpleng kalaban o kaaway lamang ang binanggit ng tauhan subalit ang tunay, kapag sinabing *riduay* ay may higit pang nakapaloob na mensahe. Hindi ito simpleng alitan lamang sa pagitan ng magkabilang panig at higit sa lahat, bahagi ito ng kaugaliang Mëranaw.

Piniling Salin

Maya-maya ay naisip niyang huwag sabihin kung saang lugar siya nagmula sapagkat takot siyang baka kabilang ang kausap sa kanilang mga *riduay*.

Alternatibong Salin

Maya-maya ay naisip niyang huwag sabihin kung saan siya nagmula sapagkat takot siyang baka kabilang ang kausap sa kanilang mga 'kalaban (kaaway)'.

Modulasyon

Sa pagpapalutang sa kultural na imahe sa gawaing pagsasalin, mahalaga din ang pagbibigay-pansin sa kabuuang konteksto (Barbaza, 2009). Mahalaga ang pag-alam sa panahon at lokasyon ng pangyayari upang mapalabas ang ipinahihiwatig na kultura ng isinasaling akda. Ibig sabihin, kinakailangan ibatay sa panahon kung kailan at saan naganap o nangyari ang mga pangyayari sa kwento. Sa ginawang pagsasalin sa kwento ni *Paramata Gandingan* ni Gng. Lidea Alilang, tila hindi niya nabigyang pansin ang ganitong aspekto. Napansin ng mananaliksik ang paggamit ng ilang termino na tila hindi angkop sa panahon ng sinaunang pamumuhay ng Mëranaw kaya minabuti ng mananaliksik ibalik sa punto de bista kung kailan ang panahon ng kaganapan ng kwento ni *Paramata Gandingan*. Bunsod nito, ginamit ng mananaliksik ang paraang Modulasyon (modulation) sa halip na Adapsyon sapagkat hindi lang usapain ng pagpapanatili sa orihinal na salita ang paglilipat ng kultura kundi usapin din ito ng pagsasakonteksto, bagay na pinapanigan ng ilang praktisyuner ng pagsasalin gaya ni Larson (1984).

Ang teknik na Modulasyon ay pagsasalin na may pag-iiba ng punto de bista o pananaw sa pagbibigay-kahulugan sa iba't ibang konteksto (Newmark, 1988). May mga pagkakataon na sadyang naiiba ang pagtutumbas ng mga nagsasalin sa orhinal na salita. Madalas itong makita sa padalang-pagsasalin o *relay translation* na katulad ng pag-aaral na ito. Dahil dito, may ilang salitang ginamitan ng Modulasyon upang ibalik sa punto de bista ng panahon kung kailan naganap ang mga pangyayari sa kwento ni *Paramata Gandingan*. Ganito ang ginawa sa salitang *imam* na kung susuriing mabuti, wala sa bokabularyo ng sinaunang Mëranaw. Tunghayan ang ibinigay na halimbawa sa ibaba:

Orihinal

Na so pëman so mangangongoda na siyongowan iran dën so imam

Salin

Umalis na nga ang kabinataan at pinuntahan ang lugar na kinaroroonan ng *tuwan-pakir*.

Tumutukoy sa taong may mataas na pinag-aralan ng paaralang Madaris o **Arabic School** ang *imam*. Taglay sa kaisipan ng salitang ito ang pagiging dalubhasa sa doktrinang Islam kaya sila ang kadalasang nangunguna sa pagdadasal sa Masjid (Mosque) na tulad ng *Alim* (isa pang maalam sa doktrinang Islam). Sila ang may karapatang magkasal sa mga muslim o mga taong sumasampalataya ng relihiyong Islam na kinabibilanga ng mga Mëranaw. Sa ginawang pagsasalin ni Gng. Lidea Alilang mula sa *kirim* tungo sa wikang Mëranaw, ginamit niya ang salitang *imam* bilang panumbas sa salitang *tuwan-pakir*. Subalit sa pagsasalin na ginawa mula sa wikang Mëranaw tungo sa wikang Filipino, muling ginamit ang orihinal na terminong *tuwan-pakir* para mabigyan nang empasis ang konteksto ng panahon at punto de

bista na sinaunang panahon na nakapaloob sa kwento ni *Paramata Gandingan*. Kung ang *imam* ay bunga ng impluwensyang Arabo, hindi magiging lehitimo ang salin kung ito ang gagamitin sapagkat hindi ito angkop sa panahon ng Darangen. Itinuturing kasi na prekolonyal at tekstong hindi impluwensiyang dayuhan ang *Darangen*. Patunay dito ang gawain ng isang *tuwan-pakir* na tagapagpakasal na hindi sumusunod sa paniniwala at hindi ginagawa na mga kaugaliang may ugnay sa Islamikong konteksto.

Gayunpaman, ang paraang Modulasyon ay hindi lamang nangangahulugang pagbabalik sa punto de vista ng panahon kundi maaari rin itong gamitin upang ibatay sa alin ang higit na ginagamit o naiitindihan ng mamababasa. Kinakailangan na ang ginamit na salita ay kapareho ng konsepto ng orihinal na salita at higit sa lahat aangkop sa panahon. Ganito ang kaso ng salitang *tamok* na tinumbasan ng salitang *bětang* sapagkat magkasingkahulugan ang dalawang termino. Tunghayan sa ibaba ang siniping pangungusap mula sa kwento ni *Paramata Gandingan*:

Orihinal

*Na sa alongan imanto na di siran di-i pakaradiyaan sa Bogabong a Komara. Na aya kiyatimoan sa lalag iran na kawingen si Sandiyarendaw Pandi ka miyangraw sa **tamok**.*

Salin

Sa araw na ito ay kasalukuyang nagaganap ang isang pagtitipon sa Bongabong a Komara. Sa pagtitipong ito naganap ang kasunduang pagpapakasal kina Sandiyarendaw Pandi at Paramata Gandingan sapagkat kinaya ng binata ang halaga ng *bětang*.

Ang salitang *bětang* o *tamok* sa iba pang katawagan ay kayamanang iniaalay sa babaeng pakakasalan (Ilupa, 2018). Ito ay maaaring nasa anyong lupa o lupain, alagang hayop tulad ng kalabaw, baka, kabayo, mga ginto o alahas, bahay, armas, at pera. Bagama't magkasingkahulugan ang dalawang salitang nabanggit ay piniling gamitin ng mananaliksik ang salitang *bětang* sapagkat higit itong may pagdidiin sa kayamanang ibinibigay o iniaalay sa babaeng ikinakasal kaysa salitang *tamok*. *Tamok* din kasi ang tawag sa kayamang pag-aari ng mga Mëranaw ngunit maaaring hindi para ibigay bilang *bětang*. Sa madaling sabi, maaaring mahulog ang salitang *tamok* sa kayaman ng pamilya samantalang ang salitang *bětang* ay nangangahulugan lamang ng kayamanang iaalay sa babaeng pakakasalan.

Bagama't hindi pinanatili ang salitang *tamok*, pinili ng mananaliksik na tumbasan ito ng isa pang terminong Mëranaw na higit na babagay upang mapanatili pa rin ang kultural nitong diwa. Mahalaga ang usapin ng pag-aasawa sa kulturang Mëranaw kaya hindi ito nagaganap na walang kasangkot na *bětang* o *tamok*. Ito ay mandatoryo at hindi maaaring maganap ang pag-iisang dibdib hangga't hindi ito napagkakasunduan ng mga *datu* at ng dalawang pamilya.

Amplipikasyon

Mahalaga ang pagsasakonteksto sa pagsasalin sapagkat naipapalutang nito ang tunay na diwa ng orihinal na teksto. May mga pagkakataon sa pagsasalin na hindi nababagay ang

salitang ginamit kaya naman nakasisira ito sa pagsasakonteksto. Mahalaga ang paglalarawan sa nais ipahiwatig kaysa gumamit ng salitang hindi naman aangkop at/o pagpapanatili mismo ng salita sa Simulaang Lenngwahe. Amplipikasyon (*Amplication*) ang tawag sa ganitong teknik. Tinatawag din itong *Descriptive Equivalent*, na ang ibig sabihin ay pagbibigay ng katumbas na kahulugan sa pamamagitan ng depinisyong naglalarawan, gaya ng paggamit ng *noun-phrase*, o *adjective clause* (Newmark, 1988). Ginamit ang teknik na ito sapagkat higit na makabubuti ang paglalarawan sa TL kaysa panatilihin ang salitang hindi babagay sa panahon ng kwento. Sa ginawang pagsasalin ng mananaliksik, ginamit ang kaparaanang ito sapagkat higit itong makatutulong upang ipahiwatig ang kabuluhan ng isang salita. Tulad ng salitang ‘Kristiyan’ na tinumbasan ng paglalarawan sapagkat higit itong angkop kaysa panatilihin ito. Batid ng lahat na ang salitang ito ay bahagi ng postkolonyal na konsepto sapagkat dala ito ng mga dayuhang Kastila. Tunghayan ang siping nasa ibaba.

Orihinal

*Sayana si Bantogan a miyaka lima gawii a kaplakakaw niyan. Na ba mambo miyathay na miyakaoma sa Kadaraan a Dalëndganan Lëna a ingëd o mga **Kristiyan**.*

Salin

Inabot ng limang araw ang paglalakbay nina Paramata Bantogan. Hanggang sa dumating sila sa *Kadaraan a Dalendganan Lëna*, na lugar ng mga taong **hindi ka-tribo**.

Makikita sa siniping pangungusap ang pag-amplipika sa salitang ‘Kristiyan’ na ginamit sa unang yugto ng pagsasalin ni Gng. Lidea Alilang. Batay sa kwento ni *Paramata Gandingan*, may isang lugar doon na tirahan ng mga taong hindi ka-tribo nina Parama Bantogan. Ibig sabihin, hindi Mëranaw sapagkat may sarili itong wikang ginagamit. Bahagi sa kaisipan ng Mëranaw na mga Kristiyano ang mga taong hindi ka-uri at hindi naniniwala sa Islam. Ito ang dahilan kaya ginamit ni Gng. Lidea Alilang ang salitang ito sa kanyang pagsasalin mula sa *kirim* tungo sa wikang Mëranaw. Gayunpaman, dahil malay ang mananaliksik sa ganitong ideya, hindi niya ginamit ang salitang ‘Kristiyan’ bagkus pinalitan ito ng palarawang parirala upang matumbasan ang pinakadiwa ng orihinal na teksto. Batid ng halos lahat na ang salitang ‘Kristiyano’ ay nabuo sa panahon ng pananakop ng mga Kastila at hindi ito bahagi ng bokabularyong katutubo. Sa puntong ito, nagkaroon ng manipulasyon ang tagapagsalin sa salin para bigyan ng puwang ang tunay na konteksto ng orihinal na salita. Matatandaan na mahalaga rin ang manipulasyon ayon kay Lumbera (2000) at Venuti (1998) lalo na kung makatutulong ito sa pagkakawil ng kultura. Kung tutuusin, ang pagsasakultura ay hindi lamang pagpapanatili sa mga salitang hindi kayang tumabasa, bagkus maaari itong gawin sa paraang paglalarawang upang maipaliwanag ang ibig iparating na mensahe na hindi lalayo sa orihinal nitong konteksto.

Naturalisasyon

Ang pagsasaling may layuning maging tapat sa orihinal na diwa ang isa rin sa mga pinakapunto ng pagsasaling kultural. Sa paliwanag ni Venuti (1998), higit na mapalilitaw ang kultura ng isinasaling teksto kung mabibigyang hustisya ang pagsasalin sa ilang terminong

kultural kaya naman sa kanyang pananaw na *foreignization*, higit niyang pinapanigan ang pagpapanatili sa mga salitang katutubo. Gayunpaman, sinabi ni Newmark (1988) na hindi lamang dapat nakatuon ang pansin sa mga terminong itinuturing na kultural motip sapagkat minsa’y nagiging sagabal ito sa pag-unawa ng mga mambabasa sa tekstong salin. Hindi lamang dapat nakakulong ang isipan ng tagasalin sa pagtalunton sa mga salita bagkus sa papaano magiging naturalisa ang teksto sa pinagsalanan. Ang senaryong ito ay nagbigay ideya sa mananaliksik na parehong isaalang-alang ang pagpapanatili sa mga salitang pekyuliar at ang pag-unawa ng mga mambabasa kaya naman sinikap din ng mananaliksik na maisalin nang may pagkanaturalisa sa tungling lengwahe.

Ang teknik na Naturalisasyon na mungkahi ni Newmark (1988) ay may pagkahawig sa Adapsyon (transference) ngunit dito ay inaadap muna ang normal na pagbigkas at pagkatapos ang normal na morpolohiya sa target na wika. Sa madaling salita, inaayon sa ortograpiya ng TW. Mainam itong paraan upang maging madali ang pagkaunawa sa teksto. Makikita ang ginawang pagsasalin na ginamit ang Naturalisasyon upang iangkop sa TW ang pangungusap ng wikang Mëranaw. Mahalaga ang pagbibigay konsiderasyon sa pagiging natural ng salin upang hindi ito magmukhang pilit sa TW. Tunghayan ang siniping halimbawa na nasa ibaba.

Orihinal

“*Sëkabs si Bantogan a Batara Lalaminën a Saloloy Pëndidawn ko ingëd.*”

Salin

“**Kayo ho** pala si Paramata Bantogan, ang *Batara Lalaminën*, ang *Saloloy Pëndidawn* ng Ilian a Bambaran.”

Mula ito sa diyalogo nina nina Paramata Gandingan at Paramata Bantogan. Kung gagamitin sa dayalogong ito ang literal na salin, magiging: “Ikaw pala si *Paramata Bantogan*, ang *Batara Lalaminën*, ang *Saloloy Pëndidawn* ng Ilian a Bambaran.” Mapapansin kung ganito ang piniling salin ay lalabas na walang paggalang si Paramata Gandingan sa kausap na si Paramata Bantogan kaya upang ipalutang ang totoong konteksto ng pag-uusap ay isinalin ito nang may pag-aangkop sa Tunguhing Wika. Sa piniling salin, ginamit ang ikatlong panauhan at ginamit ang ‘ho’ (po) sapagkat inaangkop ito sa TW na lantay ang paggamit ng mga katagang tulad ng ‘po’, ‘ho’, at ‘opo’ bilang nagpapakita ng paggalang. Sa kulturang Mëranaw, walang ganitong konsepto subalit upang maging natural ang pagkasalin ginamit ang mga katagang ito bilang tanda sa pagpapakita ng paggalang.

Sa usapin ng pagsasakonteksto, hindi kinakailangang mapanatili ang isang salitang itinuturing na kultural na motip sa buong teksto, maaari ring gumamit ng alternatibong paraan upang maiangkop sa TW. Sa ganitong paraan isinalin ng mananaliksik ang terminong *datu* na hindi pinanatili subalit gumamit ng salitang higit na nagbigay ng halaga. Tunghayan sa ibaba ang buong pangungusap.

Orihinal

“*Datu ami na monot kami asara dikamingka pamonoon sa Sarbaan Kilatën.*”

Salin

“Mahal naming pinuno, kusa **ho** kaming sasama sa **inyo**, huwag ninyo lamang ho pagpapaslangin ang mga tao dito sa Sarbaan Kilatën.”

Bagama't hindi piniling panatilihin ng mananaliksik ang salitang *datu* sa partikular na pangungusap na nasa itaas ngunit hindi nangangahulugang naging mahina ang salin. Kung pagsasakonteksto ang pag-uusapan, mahalaga ang pagtitimbang-timbang sa pagpili ng angkop sa mga salita upang maging natural ang kalalabasan ng buong pangungusap. Kaya naman sa halip na *datu* ay ginamit ang 'pinuno' sa tumutukoy sa katungkulan ng *datu*. Sa ganang ito, masasabing natural ang pagkakasalin at naipalutang rin ang kontekstong ipinahihiwatig ng pangungusap. Ang pagpapanatili sa salita ang higit na mainam na gamitin kung ang pinag-uusapan ay pagsasaling kultural sapagkat napalilitaw nito ang pinakakultural na kontesktong. Gayunpaman, hindi dapat kaliligtaan ang kapakanan sa pag-unawa ng mga mambabasa kaya hangga't maaari maging natural din ang pagkasalin ng akda.

Kuplets

Sa pagsasaling kultural, hindi nililimitahan sa isang teknik ang mananaliksik. Maaaring pagsamahin ang higit sa dalawa upang maisalin ang teksto. Ganito ang ginawang pagsasalin sa terminong *a di-i mamagapir*. Sa puntong ito masasabing dalawang paraan ang nagamit sa pagsasalin, ang Amplipikasyon at ang Kultural na Katumbas at/o Adapsyon. Kuplets (**Couplets**) ang tawag dito. Ganito ang ginawa sa salitang *kapamagapir* na maliban sa pagpapanatili nito ay gumamit pa ng deskripyon ang tagasalin para sa mabilis na pag-unawa ng mga mamababasa. Tunghayan ang paliwanag sa ibaba.

Orihinal

Na miyawna lomalakaw so magatos a malo mga tataid a di-i mamagapir na gorombo makatondog so babay e Makawg na gorombo makatondog so mga tataid a raga ka diran blagën so lalamin a babay na miyawri so mataid a bae a si Paramata Gandingan.

Salin

Nanguna sa hanay ang isang daang naggagandahang kababaihan na sumasayaw ng *kapamagapir*; **ang tradisyunal na sayaw ng mga Mëranaw**, habang naglalakad at sinundan ng kapatid ni Makawg bago si Paramata Gandingan, kasama ang nasa sampung linya ng mga naggagandahan kababaihan na hindi humihiwalay sa kanya.

Mula sa sipi sa itaas, matatagpuan ang ng isang pangungusap na nakatuon sa pag-amplipika ng salitang *a (di-i mamagapir)* o *kapamagapir*. Bagaman pinanatili ito ng mananaliksik subalit gumawa rin ng karampatang paliwanag o deskripsyon upang maging madali ang pag-unawa ng mambabasa. Sa ganitong paraan, parehong nabibigyan ng konsiderasyon ang kultural na salita at ang pag-unawa ng mga mambabasa. Nang dahil sa ibinigay na deskripsyon sa salitang *kapamagapir*, nabigyan ng eksaktong pagpapakahulugan ang salita sapagkat maaari rin itong tumukoy sa pagdadaop ng dalawang kamay.

Ang *Bae a labi*, na bagaman pinanatili (Adapsyon) ay ginamitan din ng Amplipikasyon upang madaling maunawaan. Tunghayan ang siniping pangungusap mula sa kwento ni *Paramata Gandingan*:

Orihinal

*Na kagiya miyapasad so kiyanditariyan a daa pawing iyan ko langowa lagid iyan na aya dën inisambi a di mamangae sa taw so **Bae a labi** sa Selegen a Bolëntay Mangoranda.*

Salin

Nang matapos bihisan ang *paramata* ay nagsalita ang **Bae a labi**, asawa ng Ayonan, ng Sëlëgën na si Bolëntay Mangoranda.

Ang *bae a labi* ay katawagan sa mga babaeng asawa ng mga pinunuo; tulad ng *ayonan* ng sinaunang Mëranaw, at maaari ring namang titulo ng kababaihang Mëranaw na may dugong bughaw. Pinanatili ito at binigyan ng deskripsyon upang mabilis ang pag-unawa sa katawagan. Nakatutulong nang malaki ang amplikasyong ginawa bilang dagdag na teknik sa adaptasyon. Naging kombinasyon ng dalawang pamamaraan ang ginawa rito para sa pagpapabilis ng pag-unawa at pagpapadali ng paglipat ng diwa ng bawat salita o paririla tungo sa TW. Ito ang tinutukoy ni Zafra (2009) na pagpapabilis at pagpapadali sa paglipat ng mga bagong kaalaman sa pagsasalin.

Maiuugnay sa ‘reyna’ ng kanlurarín ang kaisipang taglay ng *bae a labi*. Gayunpaman, hindi nangangahulugang magkasingkahulugan ang dalawang termino. Ang *bae a labi* ay maituturing na bahagi ng kulturang Mëranaw na nagpapakita ng pagkakaroon ng magandang trato sa kababaihan. Ipinapahiwatig nito na may natatangi rin silang tungkulin bilang isang asawa, ina, at anak. Nananatili pa ring ginagamit ang katawagan ito sa mga babaeng napapabilang sa mataas na uri sa lipunan sa kasalukuyang panahon. Katumbas ito sa isang ranggo at titulo. Sinisimbolo nito, na sa lipunang Mëranaw, na bahagi rin ang kababaihan sa maaaring magmana ng titulo dahil sa pagiging bahagi ng pamilya o angkang may dugong-bughaw. Higit na ikinonsidera ng mananaliksik ang kultural na konteksto at ang pag-unawa ng mga mambabasa sa pagsasalin. Sa pananaw kasi ni Newmark (1988) hindi raw dapat isipin lamang sa pagsasalin ang kulturang dala-dala ng salita kundi maging ang mambabasa rin kung sa papaanong paraan nila ito madaling maunawaan. Sa totoo lang, ito ang nagiging bahagi na hamon sa kultural na pagsasalin, subalit may mahalagang punto ni Newmark kaya hindi dapat ipagkibit balikang ang kanyang ideya. Kaugnay nito, kailangan ang maingat na pagpapasya kung paano ba ito ililipat. May tatlong pagsasalin ang unang ginawa ng tagasalin at makikita ito sa ibaba.

Piniling Salin

Nang matapos bihisan ang *paramata* ay nagsalita ang **Bae a labi (asawa ng ayonan)** ng Sëlëgën na si Bolëntay Mangoranda.

Alternatibong Salin 1

Nang matapos bihisan ang *paramata* ay nagsalita ang **Bae a labi** ng Sëlëgën na si Bolëntay Mangoranda.

Alternatibong Salin 2

Nang matapos bihisan ang *paramata* ay nagsalita ang **reyna** ng Sëlëgën na si Bolëntay Mangoranda.

Unang ginamit ang katawagan *bae a labi*, subalit kalauna’y ginamitan ng deskripyon na ‘asawa ng ayonan’ upang maisip agad ng mambabasa kung sino ang tinutukoy na *bae a labi*. Sa kabilang banda, kung gagamitin naman ang salitang ‘reyna’ ay mawawala ang diwa ng kaisipang Mëranaw. Maituturing na isang mahinang salin kung ito ang gagamitin. Piniling panatilihin ang ilang terminong Mëranaw sapagkat nais bigyang puwang ng mananaliksik

ang halaga ng mga salitang may dala-dalang kultural na konteksto. Gayunpaman, sinikap ng mananaliksik na nasa panig pa rin ito ng mabilisang pag-unawa ng mambabasa.

Bilang paglalihat, sa pagsasalang kultural, mahalagang gamáy ng tagasalin ang mga teknik o kaparaanan sa pagsasalin-wika sapagkat ito ang magbibigay gabay sa pagsasagawa ng gawaing ito. Nakabatay ang mga teknik at mga paraan ng pagsasalang-wika sa ang layunin ng tagasalin. Kung ang layunin ay pagsasakultura, kailangang alam ng tagasalin kung anong paraan at teknik ang angkop para rito. Sa proseso ng pagsasalang-kultural, lumalabas na higit na mahalaga ang pagpapanatili sa mga kultural na salita kapag hindi kayang tumbasan sa TW dahil nakaugat ito sa kultura ng Simulaang Lungguwahe. Dahil dito, sa ginawang pagsasalin sa kwento ni Paramata Gandingan, anin (6) lamang sa kaparaanan at/o teknik nina Peter Newmark at ilang dalubhasa ang higit na nagamit sa pagsasalin.

Kongklusyon at Rekomendasyon

Tunay ngang isang komplikadong gawain ang pagsasalang nagpapahalaga sa kultura. Napatunayan ito sa ginawang pagsasalin ng tekstong Méranaw na pinahalagahan ang pagsasakultura bilang pangunahing layunin. Gayunpaman, sa pamamagitan ng masinop na pagpapasya at pagtitimbang-timbang sa pagsasalang ng teksto, lalo na sa mga terminong itinuturing na kabuhol ng kultura, naging posible ang pagtawid ng kulturang Méranaw sa kaisipang Filipino. Hindi man masasabing perpekto dahil aminado pa rin naman ang mananaliksik, bilang tagasalin na hindi dapat nalilimita sa isang beses na pagsasalin ang isang teksto, posible pa rin itong maisalin sa paraang iba naman. Gayunpaman, naniniwala ang mananaliksik na malaking ambag ang pagkasalin sa kwento ni Paramata Gandingan bilang pagpapakilala sa natatangi at makulay na kultura ng mga Méranaw.

Gayundin ang kaalaman sa mga teknik at estratehiyang pampagsasalin ay malaking tulong sa tagasalin upang maisakatuparan ang anumang layunin. Sa dalawang estratehiyang mungkahi ni Venuti, higit na pinanigan ng mananaliksik ang estratehiyang sumusuporta sa pagpapanatiling banyaga ng Simulaang Lungguwahe (SL) sapagkat umaayon ito sa layunin ng mananaliksik. Pagdadala rin ito ng kaisipan at kaakohan ng kulturang Méranaw. Sa mga teknik naman, mahalaga ang wastong pagpili bilang gamit sa paglutas ng mga suliranin sa proseso ng pagsasalin. Masasabing nakasalalay pa rin sa layunin at kamay ng tagasalin ang pagiging posible ng pagsasalang kultural.

Kaugnay nito, nirerekomenda ng mananaliksik na magkaroon pa ng maraming pagsasalang nakatuon sa pagsasakultura ng mga tekstong rehiyonal nang sa ganun ay maitangahl ito sa pambansang kultura. Ang ganitong gawain ay may malaking pakinabang higit lalo sa pagbuo ng pambansang identidad ng bansang Pilipinas. Marami pang mga akda ng Lumad sa bansa ang hindi pa naisalin sa wikang Filipino. Magiging inspirasyon ang pag-aaral na ito na magsagawa ng pagsasalin hindi lamang para sa dokumentasyon bagkus para na rin sa pagbuo ng Lumadnong pamamaraan at teknik na pagsasalin.

Mga Reperensiya

- Almario, V. S., et al. 1996. *Patnubay sa pagsasalin*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Atienza, G. C. 2004. "Paglulundo ng Kultura sa Pagsasalin ng Dula: Ilang Tala sa Pagsasalin ng Threepenny opera ni Bertolt Brecht sa Karanasan ng PETA." Daluyan, Tomo VII. UP-SWF.
- Barbaza, R. E. 2009. "Ang Pagsasalin ay Pag-aangkin", nasa Zafra, G. S. (2009). *Salin-suri: Panimulang pagmamapa ng mga larangan ng pag-aaral sa filipinas*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.
- Bassnett, S. 2002. *Translation studies: Third Edition*. London: Routledge.
- Dudureanu, I. I. 2011. *Translation of cultural terms: possible or impossible*. Romania: University of Iasi.
- Larson, M. L. 1984. *Meaning-Based Translation: A Guide to Cross-Language Equivalence*. New York: University Press of America.
- Lefevere, A. 1992. *Translation, history, culture*. London and New York: Routledge
- Lucero, R. 2007. *Ang bayan sa labas ng Maynila (the nation beyond Manila)*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lumbera, B. 2000. *Writing the Nation (Pag-aakda ng Bansa)*. Quezon City: University of the Philippine Press.
- Lumbera, L. 1995. "Si Bitoy Camacho at si Julius Caesar, at Nick at Will: Ang Kultura sa Likod ng mga Salita sa Pagsasa-Filipino para sa Entablado." Daluyan, Tomo VI. UP-SWF.
- Newmark, Peter 1988. *A Textbook of translation*. United Kingdom: Prentice Hall International.
- Nuncio, E. M. et al 2015. *Makabuluhang Filipino sa iba't ibang pagkakataon: batayng aklat sa pagbasa, pagsulat at pananaliksik sa antas pangkolehiyo (Filipino 2)*. Quezon City: C&E Publishing, Inc.
- Santiago, A. O. 1976. *Sining ng pagsasaling-wika*. Manila: Rex Book Store.
- Sarip, S. R. 2013. *Bolyum V ng Darangen: Tagapag-ingat ng mga Ulawlang Maranao* (Dinalathalang Masteral na tesis). MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City.
- Simon, S. 1996. *Gender in translation: cultural indentity and the politics of transmission*. London & New York: Routledge.
- Shuping, R. 2013. *Translation as rewriting*. International Journal of Humanities and Social Sciences. Vol3, no.18, Oct. 2013.
- Storey, J. 1997. *What is cultural studies?: A Reader*. New York: Arnold.
- Venuti, L. 1998. *The scandals of translation*. London: Routledge.
- _____ 2000. *Translation studies reader*. London: Routledge

- White, Hayden 1978. *The content of the form, narrative discourse, and historical representation*. Baltimore, MD: Johns Hopkins University Press.
- Yan, C. & Jingjing Huang 2014. *The cultural turn in translation studies*. Limbag sa Tesis. CUPL, Beijing, China.
- Zafra, G. S. 2009. *Salin-suri: Panimulang pagmamapa ng mga larangan ng pag-aaral sa Filipinas*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino.